

Ministry ng Edukasyon

Ministro

315 Front Street West
Toronto ON M7A 0B8

Ministère de l'Éducation

Ministre

315, rue Front Ouest
Toronto ON M7A 0B8



Hulyo 30, 2020

Mahal naming mga Magulang –

Sana'y kayo at ang inyong mga pamilya ay patuloy na nananatiling malusog at matatag habang patuloy ang probinsya sa paglaban sa virus ng COVID-19.

Apat na buwan pa lang ang lumipas simula nang sumulat ako sa inyo pagkatapos magpasya ang pamahalaan na isara ang mga paaralan at protektahan ang mga buhay ng mga mag-aaral, pamilya at ang komunidad kung saan sila nakatira at nagtatrabaho. Maraming nagbago sa nakalipas na apat na buwan. Gayunpaman, ang isang hindi nagbabago ay ang nagkaisang pagsusumikap ng mga magulang, mag-aaral at mga pamilya upang mapanatiling ligtas ang ating mga komunidad at probinsya.

Malinaw na nagbago ang sitwasyon ng kalusugan ng publiko sa probinsya, at talagang ipinagmamalaki mo na sa mga kamakailang linggo nasa positibong direksyon ang takbo. Mula sa pagsisimula ng paglaganap ng COVID-19, ang bawat aksyong ginawa namin ay ginabayan ng umiiral na prinsipyo ng pagpapanatiling ligtas ng inyong mga anak, at pati rin ang kaligtasan ninyo at ng inyong mga komunidad. Walang alinlangan na mayroon tayong mahalagang tungkulin na dapat gampanan.

Ang inilabas naming [plano](#) ngayong araw, sinusunod ang payo ng mga medikal at siyentipikong eksperto sa Canada — kasama ang Punong Opisyal na Pangmedikal para sa Kalusugan, ang Hospital for Sick Children, at ang COVID-19 Command Table — ay nagtatakda ng mga alituntunin na pahihintulutan ang mga mag-aaral sa buong probinsya na ligtas na bumalik sa klase ngayong Setyembre. Kasama rito ang:

- Ganap na muling pagbubukas ng lahat ng pampublikong paaralang elementarya limang araw sa isang linggo;
- Pagpapahintulot sa karamihan ng mga paaralang sekundarya na muling magbukas nang may iniakmang modelo, kung saan ang mga nasa mga komunidad na mas mababa ang panganib ay muling magbubukas nang limang araw sa isang linggo, at;
- Pagtiyak na maaari ninyong pagpilian ang nasa klase o online na pag-aaral, at ang kalayaan upang baguhin ang desisyong iyon sa buong taon.

Ang pinakamagandang magagamit na payo ng medikal ay sinasabi sa aming kailangang makabalik ang ating mga anak sa ating mga paaralan. Alam nating malaki ang naging epekto ng COVID-19 sa mga mag-aaral ng Ontario.

Sa simula ng araw na ito, inilabas namin ng Premier ang aming plano na makabalik sa silid-aralan ang mga bata nang may pambihirang bagong mga suporta at mga mapagkukunan upang matiyak na sila ay ligtas at sinusuportahan hangga't maaari.

Ang pamahalaan ay nagbibigay ng mahigit \$300 milyon upang bumili ng mga mask at kagamitan para sa personal na proteksyon (personal protective equipment), magdaragdag ng mga bagong posisyon sa pagtuturo, magbigay ng pinahusay na mga supply sa paglilinis at mas maraming kawani para sa mga paaralan at mga bus ng paaralan, at pagpapahusay sa propesyonal na pangkaligtasan para sa lahat ng kawani.

Higit pa rito, magiging pambihira ang Ontario sa pagbibigay ng mobile network ng 500 nurse para sa kalusugan ng publiko na ipapadala sa mga rehiyon na mas mataas ang mga panganib, upang suportahan ang pinahusay na pagsusuri, testing at medikal na suporta sa ating mga paaralan. Panghuli, ang Ontario Public Health ay magsasagawa ng sinusubaybayang pagsusuri sa mga mag-aaral sa paaralang sekundarya na hindi nagpapakita ng mga sintomas (asymptomatic) upang patibayin ang aming pagtugon at upang mas maunawaan ang panganib.

Ang buong pangat ng mga protokol sa kalusugan at kaligtasan na inilabas ngayong araw ay matatag, may kaalaman mula sa pangmedikal na agham, at magagawang iakma sa pagtugon sa nagbabagong banta ng COVID-19. Matitiyak ko sa inyo na handa kaming tumugon sa nagbabagong katotohanan ng virus na ito.

Ang gabay na ito ay pananatilihing ligtas ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay ng linaw sa:

- Pagsusuri ng sarili;
- Pinahusay na kalinisan sa kamay para sa mga mag-aaral at kawani;
- Mandatoryong pagsusuot ng mask para sa baitang 4 hanggang 12;
- PPE para sa mga guro at kawani at reserba ng mga telang mask para sa mga mag-aaral na maaaring mangailangan nito;
- Agresibong pagpapangkat (o paggugrupo) ng mga mag-aaral upang bawasan ang interaksyon sa labas ng klase;
- Pagdistansiya;
- Pinahusay na paglilinis at pagdidisimpekta ng mga pasilidad ng paaralan at mga bus kasabay ng pagkuha ng 900 karagdagang custodian;
- Mga paghihigpit sa mga bisita;
- Maagang pagpaparehistro upang tulungan ang kontroladong muling pagbubukas.

Patuloy naming pagtutuunan ng pansin ang kalusugan ng isip ng mag-aaral, na alam nating lahat ay mahalaga sa pagbalik ng mga mag-aaral sa paaralan matapos ang ilang buwang walang katiyakan at pagkabalisa na dulot ng paglaganap ng COVID-19. Sa taong ito lang, maglalaan kami ng \$20 milyon sa karagdagang pagpopondo, upang makapagbigay ang mga lupon ng maagap na mga suporta para sa mga mag-aaral na kailangan ang mga ito. Ang mga mag-aaral ay magkakaroon ng walang limitasyong access sa kawani at mga suporta para sa kalusugan ng isip, at maglalaan kami ng \$50 milyon na ayon sa tala ngayong taon.

Ang plano sa muling pagsisimula ng eskuwela ay magbibigay rin ng mga mahalagang suporta para sa mga mag-aaral na may mga pangangailangan para sa espesyal na edukasyon, kasama ang pangangailangan na sila ay nasa klase ng 5 araw sa isang linggo sa elementarya at sekundaryang mga paaralan. Naging malinaw ang mga eksperto, mahalagang manatiling hindi pabago-bago, at iyon ang ibibigay namin para sa mga batang ito.

Gaya ng sinasabi namin parati, kailanman ay hindi namin kayo bibiguin sa aming pangako sa mga mag-aaral ng Ontario. Sa sama-samang pagtutulungan, matitiyak nating maihahanda sila para sa tagumpay, hindi lang para sa taong ito, ngunit sa hinaharap din.

Nais kong magpasalamat sa inyo, sa mga magulang sa Ontario, para sa inyong pagsisikap, mungkahi at pagtutulungan upang matiyak ang ligtas na pagbalik sa paaralan sa Setyembre.

Taos-puso,

Ang Kagalang-galang na si Stephen Lecce
Ministro ng Edukasyon